Paano panatiliin ang *ikhlas* – ilang mga puntong praktikal

- Kung mayroon kang nagawang mga kabutihan para lamang sa Allah, paglilingkod sa kapwa o mga gawaing ipinag-uutos o itinatagubilin, dapat mong alalahanin na hindi ka ligtas mula sa kasamaan ni Satanas at ng iyong sarili (*nafs al-ammarah)* habang buhay ka.
- Dapat kang maging maingat dahil maari kang hikayatin ng iyong sarili na banggitin ito sa harapan ng iyong mga kaibigan o kakilala, o banggitin ito nang di-tuwiran. Halimbawa, kung ikaw ay palagiang nagdarasal tuwing hating-gabi (*tahajjud*), ang iyong sarili ay maaring mag-udyok sa iyong banggitin ito nang di-tuwiran sa pamamagitan ng pagtalakay sa kasamaan or kabutihan ng panahon sa madaling araw o sa *du'a* o *adhan* para sa *subuh* na pagdarasal. Sa pamamagitan nito, dinumihan mo ang iyong pananampalataya sa pamamagitan ng *riya'*. Kaya, dapat mong iwasan ang ganoong mga pangyayari.
- Tulad ng isang doktor o nars, bantayan mo ang iyong sarili upang hindi ito makawala. Sa loob lamang ng isang saglit, maari itong makawala at sisira sa iyong mga matapat na gawain. Ang paglilinis ng intensyon sa anumang paghahangad sa kaluguran ng sinuman maliban sa Allah (*shirk)* at pagpapakitang-tao (*riya'*), palagiang pagbantay sa sarili, at pagpapanatili sa katapatan ay puro mahirap na mga gawain.
- Alalahanin ang mga tungkulin at ipagpalagay ang iyong intensyon at mga gawain sa pamamagitan ng bersikulong ito ng Banal na Qur'an: *Sabihin mo: "Sa katotohanan, ang aking dasal at pag-alay, ang aking buhay at kamatayan ay lahat para sa Allah, ang Panginoon ng sansinukob."* (Qur'an 6:162)
- Habang ikaw ay may egoismo at pagnanasa sa katungkulan at kapangyarihan, kahit na ikaw pa ay sumasaliksik ng mga banal na dunong at katangian, ang mga ito ay magagamit lamang sa mga makasariling hangarin. Ang paghahangad sa sarili at paghahangad sa Panginoon ay hindi maaring ipagsabay. Samakatwid, kapag ang Panginoon ay hinahangad para sa sarili, ang tunay na hangad ay ang sarili at hindi ang Panginoon. [Al-Khumayni, *Forty Hadiths*, kabanata 20, p. 8]

Konklusyon:

Ang unang hakbang sa paglalakbay tungo sa Allah ay ang pagtalikod sa pagmamahal sa sarili. Kung gaano matagumpay ang tao sa paglilinis ng pagmamahal sa mundo sa kanyang puso, ganoon din ang kanyang tagumpay sa pagmamahal sa Panginoon at ang kanyang puso ay maging malinis mula sa nakatagong *shirk* (egoismo).

Sinabi ng Propeta Muhammad (*s*): "Kapag ang tao ay taimtim na ialay ang sarili sa Panginoon sa loob ng apatnapung araw, ang dunong (*hikmah*) ay dadaloy sa kanyang dila mula sa kanyang puso." [Al-Suyuti, *al-Durr al-Manthur*, tomo 2, p. 237]

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa awtentikong Islam, dumalaw sa:

http://al-islam.org/faq/

v.01

Tiyak na ipinagkaloob Namin sa iyo ang Aklat na may katotohanan. Kaya, paglingkuran ang Allah at maging tapat sa pananampalataya sa Kanya.
(Qur'an 39:2)

Sinabi ng Propeta Muhammad (*s*): "Tiyak na may katunayan ang bawat katotohanan at hindi maabot ng alipin (tao) ang katunayan ng katapatan (*ikhlas*) maliban na lang kung hindi niya magugustuhan ang puri ng mga tao sa kanya dahilan sa mga gawaing kanyang ginawa para sa Panginoon lamang."
[Al-Majlisi, *Bihar al-Anwar*, tomo 72, p. 304, *hadith* # 51]

Mga Kabutihan ng Kaluluwa...

Katapatan
(*ikhlas*)

Habang ipinapaliwanag ang kasabihan ng Poong Maykapal na ito, *"Nang kayo ay Kanyang masubukan at makikita kung sino sa inyo ang pinakatapat sa mga gawain,"* (67:2) sinabi ni Imam Ja'far al-Sadiq (*'a*): "Ito'y hindi tumutukoy sa isa sa inyo na may pinakamaraming mabuting gawain kundi tumutukoy sa kanya na pinakatapat sa kanyang gawain, at ang katapatang ito ay walang iba kundi takot sa Panginoon at katapatan ng intensyon."
Pagkatapos, kanyang idinagdag: "Ang pagtiyaga sa isang gawain hanggang ito ay maging tapat ay mas mahirap kaysa mismo gawain, at ang katapatan sa gawain ay nangangahulugan na hindi mo nais na puriin ka ng iba dahil dito kundi ang Poong Maykapal lamang, at ang intensyon ay mas mahalaga kaysa mismo gawain. Sa katotohanan, ang intensyon ay ang mismo gawain."
Pagkatapos, kanyang binasa ang bersikulo ng Qur'an na ito, "*Sabihin [mo O Muhammad), gumagawa ang bawat isa sang-ayon sa kanyang ugali* (shakilatihi)," (17:84) at sinabi na, "Ang *shakilah* na ito ay nangangahulugan ng intensyon (*niyyah*)."
[Al-Kulayni, *al-Kafi*, tomo 2, kitab *al-iman wa'l-kufr*, bab *al-ikhlas*, *hadith* # 4]

Ang katunayan ng *ikhlas*

Ang katapatan (*ikhlas*) ng intensyon, gawain at pagtitiyaga dito ay ang pinakamataas na antas ng pagmamahal at paglilingkod sa Panginoon. Ang *ikhlas* ay may sumusunod na mga kahulugan at paliwanag:

- Ang kagalang-galang na *'arif* (mistiko) at matalinong *salik* (manlalakbay espirituwal) na si Khwajah 'Abd Allah al-Ansari (*q*) ay nagsasabi: "Ang *ikhlas* ay nangangahulugan ng pag-aalis ng mga kasagwaan sa gawi ng tao." At ang 'mga kasagwaan' ay nangangahulugan ng hangad ng taong bigyang kaluguran ang sarili at iba.
- Isinalaysay ng magiting na pantas na si Shaykh al-Baha'i (*r*) na sinasabi ng mga lupon ng puso (yaong mga taos-pusong nagmamahal sa Allah): "Ang *ikhlas* ay nangangahulugan ng pagpapanatili sa gawaing walang kinalaman sa sinuman maliban sa Panginoon at ang nagsasagawa nito ay hindi nararapat na maghangad ng anumang gantimpala para dito sa mundo at kabilang buhay."

Sinabi ng Propeta Muhammad (*s*) na sinabi ng Allah (*swt*): "Ang *ikhlas* ay isa sa Aking mga lihim at nilalagay Ko ito sa puso ng Aking minamahal na alipin." [Al-Majlisi, *Bihar al-Anwar*, tomo 70, p. 249, *hadith* # 24]

Sinu-sino ang mga *mukhlisun* (matapat)?

Inaanyayahan ng Poong Maykapal ang Kanyang mga alipin tungo sa Kanya sa pamamagitan ng pagpapahiwatig na nararapat nilang linisin ang kanilang mga kaluluwa mula sa anuman maliban sa Allah at gawain ang mga itong para sa Panginoon lamang.

- Ang mga *mukhlisun* ay iyong mga nananampalataya sa Panginoon sa paraang hindi nila itinuturing ang kanilang mga sarili bilang naglilingkod at hindi nila binibigyang halaga ang pasiya ng mundo at mga tao. Kaya, sila at ang kanilang mga kilos ay para sa Panginoon lamang. Ang kanilang uri ng pagsamba ay ang *din* na pinili ng Poong Maykapal para sa Kanya at nilinis ito mula sa dumi ng pagsamba sa iba maliban sa Allah, at Kanyang sinabi: *Sa katotohanan, tanging sa Panginoon lamang ang tunay na katapatan* (*al-din al-khalis*). (Qur'an 39:3)
- Iniulat mula sa magiting na mistokong al-Shaykh al-Muhaqqiq Muhyi al-Din ibn al-'Arabi na kanyang sinabi: '*Sa katotohanan, tanging sa Panginoon lamang ang tunay na katapatan*' ay kaligtasan mula sa mga dumi ng pagiging iba at kaakuhan. At ang iyong pagkapuksa sa Kanya ay dapat na lubusan. Ang Buod, mga Katangian, mga Kilos at ang *din* ay hindi na nararapat na may-kaugnayan sa iyo. Sa katotohanan, hangga't ang katapatan ay hindi nalinisan ng *katunayan*, hindi ito magiging para sa Panginoon."

Ang pagsamba ng mga matapat ay ang bakas ng mga *katunayan* (*tajalliyat*) ng Pinakamamahal (Allah) at walang naipapaloob sa kanilang mga puso kundi ang Buod ng Nag-iisang Panginoon.

Ang *ikhlas* ay sumusunod sa kilos

Dapat na maging maingat ang tao dahil minsan matapat niyang isinasagawa ang isang trabaho nang walang pagkakamali, pagpapakitang-tao (*riya'*) o pagmamayabang sa sarili (*'ujb*) subalit pagkatapos, nagkakaroon siya ng *riya'* sa pamamagitan ng pagbanggit nito sa iba, tulad ng nabanggit sa banal na *hadith* na ito:

- Sinabi ni Imam al-Baqir (*'a*): "Pagtitiyaga sa isang trabaho ay mas mahirap kaysa sa trabaho mismo." Siya ay tinanong, "Ano ang ibig sabihin ng pagtitiyaga sa trabaho?" Kanyang (*'a*) sinabi, "May isang tao na gumagawa ng kabutihan sa isang kamag-anak o gumugugol siya ng salapi alang-alang sa Panginoong Nag-iisa at walang katumbas. Kaya, ang gantimpala ng isang mabuting gawaing lihim na isinagawa ay isusulat para sa kanya. Pagkalipas, kanya itong binanggit sa ibang tao at ang anumang naisulat para sa kanya ay mabubura at sa halip, ang maisusulat ay ang gantimpala ng mabuting gawain na hayagang isinagawa. Pagkatapos, kapag muli pa niyang banggitin, ang bisyo ng pagpapakitang-tao (*riya'*) ay maisusulat sa kanya (sa halip na gantimpalang nauna)." [Al-Kulayni, *al-Kafi*, *kitab al-iman wa'l-kufr, bab al-riya', hadith* # 16]

Ang diwa ng trabaho ay intensyon

- Sa malinis na intensyon at tapat na hangarin nakasalalay ang perpeksiyon o kabaluktutan ng mga pananampalataya (*'ibadat*) at maging ang kanilang katumpakan o kawalang-saysay. Ang mga katangiang pang-espirituwal ay bumubuo sa pangunahing uri at mga intensyon ng kaluluwa kung saan ang mga gawain ay sunud-sunuran at bumubuo ng pangalawang katangian nito. At habang ang pagmamahal sa sarili ay nananatili sa puso at ang tao ay nananatili sa mapang-aping pinamamahayan ng ego, siya ay hindi manlalakbay patungo sa Allah (*musafir ila'llah*); sa halip, isa siya sa mga taong nananatiling nakadikit sa lupa (*mukhalladun ila'l-ard*). Ang *shirk* sa *'ibadah* na sumasaklaw sa lahat ng mga antas nito ay ang pagsaklaw sa kaluguran at kasiyahan ng sinuman maliban sa Panginoon maging ito man ay ang mismo sarili ng tao o iba. Kapag ito ay para sa kaluguran ng iba o mga tao, ito ay palabas na *shirk* at *riya'* ayon sa hurispudensiya (*fiqhi riya'*). Kapag para sa sariling kaluguran (*rida'*), ito ay patago at lihim na *shirk.* Ayon sa mga *'urafa'* (mistiko) ito ay nagpapawalang-saysay sa *'ibadah* at hindi tinatanggap ng Panginoon. Mga halimbawa nito ay ang pagsasagawa ng hating-gabing dasal (*tahajjud*) para kumita ng mas malaki, o pagbibigay ng *zakat* para magkaroon ng karagdagang kayamanan. Ang mga pananampalatayang (*'ibadat*) ito ay tumpak at sinumang magsagawa ng mga ito ay itinuturing na nagsagawa ng kanyang tungkulin at sinunod ang mga ipinag-uutos ng *shari'ah*, subalit ang mga gawaing ito ay hindi maitituring na tapat na pananampalataya sa Poong Maykapal o di kaya ay may malinis na intensyon at pakay. Samakatuwid, makamundo ang mga layunin ng uri ng *'ibadat* na ito. Kaya, ang mga gawain ng ganoong klase ng tao ay hindi wasto.
- Kapag inalis ng tao ang pagmamahal sa mundo sa pamamagitan ng pagdisiplina sa sarili at walang-humpay na pakikibaka laban sa kanyang mga makamundong hangarin, magiging buo ang kanyang panlabas at pangloob na pagkatao. At kapag ang tao ay lilisan sa pinamamahayan ng ego at magtungo sa Panginoon, tulad ng nabanggit sa Qur'an: *Sinumang lilisan sa kanyang tahanan patungong Allah at Kanyang Sugo, at mamatay sa daan, ang kanyang gantimpala ay nasa Allah* (Qur'an 4:100) at magsagawa ng espirituwal na paglalakbay at dahil dito makaranas ng ganap na pagkapuksa *(fana'-e tamm),* ang kanyang gantimpala ay sa Poong Maykapal lamang.